# Mga Espesyal Na Benepisyo Para Sa Ilang Mga Beterano Ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig (World War II Veterans)

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Sino ang maaaring maging kwalipikado | 1 |
| Kailan magsisimula ang mga benepisyo | 2 |
| Kailan mahihinto ang mga benepisyo | 2 |
| Halaga ng espesyal na benepisyo ng beterano | 2 |
| Mga kailangan ninyong ibigay sa amin | 2 |
| Pakikipag-ugnay sa Social Security | 3 |


Maaaring magbayad ng mga espesyal na benepisyo sa ilang partikular na beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Kabilang sa mga ito ang mga beteranong aktibong nagsilbi sa militar ng Estados Unidos mula Setyembre 16, 1940 hanggang Hulyo 24, 1947. Kabilang din dito ang mga beteranong Pilipinong nagsilbi sa organisadong militar ng Pilipinas mula Hulyo 26, 1941 hanggang Disyembre 30, 1946 (habang ang mga puwersang iyon ay naninilbihan sa Sandatahang Lakas ng Estados Unidos). Ang mga espesyal na benepisyo ng mga beterano ay mababayaran para sa mga buwan kung saan ang mga kwalipikadong beterano ay nanirahan sa labas ng Estados Unidos.

## Sino ang maaaring maging kwalipikado

Upang maging kwalipikado para sa mga espesyal na benepisyo ng mga beterano, dapat ninyong tugunan ang lahat ng sumusunod na pangangailangan:

- Maging nasa edad na 65 o mas matanda pa noong Disyembre 14, 1999;
- Maging isang beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig gaya ng inilalarawan sa itaas;
- Maging karapat-dapat para sa Supplemental Security Income (SSI) bago o sa Disyembre 1999;
- Maging karapat-dapat para sa SSI para sa buwan na kayo ay mag-a-apply para sa mga espesyal na benepisyo ng mga beterano; at

- May iba pang natatanggap na benepisyo na mas mababa sa 75 porsyento ng kasalukuyang antas ng pederal na benepisyo ng SSI.

Ang "Iba pang natatanggap na benepisyo" ay kadalasang nangangahulugang anumang kabayarang inyong regular na natatanggap, gaya ng mga annuity, pensyon, mga benepisyo sa pagreretiro, o mga benepisyo sa pagiging may kapansanan. Ang mga espesyal na benepisyo ng beteranong ito ay hindi maaaring ibayad sa mga dependent o naiwan ng yumaong beterano.

## Kailan magsisimula ang mga benepisyo

Kung kayo ay magiging kwalipikado, tatanggap kayo ng mga benepisyo para sa bawat buwan kung kailan kayo naninirahan sa labas ng Estados Unidos sa unang araw ng buwan.

## Kailan mahihinto ang mga benepisyo

Mahihinto ang mga benepisyo kung:

- Sinabi ninyo sa amin na hindi na ninyo itinuturing ang inyong sarili bilang naninirahan sa labas ng Estados Unidos;
- Kayo ay bumisita sa Estados Unidos at nanatili rito nang mahigit sa isang buong buwan ng kalendaryo. Halimbawa, kung kayo ay dumating sa Estados Unidos sa unang araw ng buwan at umalis bago ang katapusan ng buwan (Pebrero 1 hanggang 27), ang inyong mga benepisyo ay hindi maaapektuhan. Ngunit, kung kayo ay dumating sa Estados Unidos sa Enero 15, mahihinto ang inyong mga benepisyo sa Marso 1 dahil namalagi kayo sa bansa nang isang buong buwan ng Pebrero.
- Kayo ay dumating sa Estados Unidos upang bumisita at nagpasyang manatili. Mahihinto ang inyong mga benepisyo epektibo alinman ang mas maaga sa mga sumusunod:
  — Sa buwan pagkatapos ng buwan kung kailan kayo nagdesisyong manirahan sa Estados Unidos; o
  — Sa buwan pagkatapos ng unang buong buwan ng kalendaryo na kayo ay nasa Estados Unidos.

## Halaga ng espesyal na benepisyo ng beterano

Alinsunod sa batas, ang halaga ng mga buwanang espesyal na benepisyo ng mga beterano ay hindi maaaring humigit sa 75 porsyento ng kasalukuyang antas ng pederal na benepisyo ng SSI. Upang malaman ang halaga ng inyong mga buwanang espesyal na benepisyo ng mga beterano, kakalkulahin namin ang 75 porsyento ng kasalukuyang antas ng pederal na benepisyo ng SSI at ibabawas ang halaga ng anumang iba pang natatanggap na benepisyong inyong makukuha para sa buwan.

Para sa 2018, ang antas ng pederal na benepisyo ng SSI ay $750.00. Nangangahulugan ito na ang inyong kabuuang iba pang buwanang natatanggap na benepisyo ay dapat na maging mas mababa sa $562.50 (75 porsyento ng $750.00) upang inyong matanggap ang mga espesyal na benepisyo ng mga beterano.

## Mga kailangan ninyong ibigay sa amin

Ang sumusunod ay mga halimbawa ng uri ng impormasyon maaaring kailanganin ninyong ibigay:

- Katibayan ng petsa ng kapanganakan;
- Katibayan ng inyong iba pang kita;
- Katibayan ng inyong serbisyo sa militar noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, gaya ng mga discharge paper sa militar ng Estados Unidos (nagpapakita ng pag-discharge sa ilalim ng mga kundisyong maliban sa dishonorable);
- Katibayan ng serbisyo sa mga organisadong puwersa ng Republika ng Pilipinas; at
- Katibayan ng paninirahan sa isang bansa bukod sa Estados Unidos.

## Pakikipag-ugnay sa Social Security

Sa mahigit na 80 taon, ang Social Security ay nakatulong sa pagsiguro ng kasalukuyan at kinabukasan sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon, mga benepisyo, at pampinansyal na proteksyon para sa milyung-milyong tao sa kabuuan ng kanilang paglalakbay sa buhay.

Makipag-ugnayan sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security para sa higit pang impormasyon tungkol sa pag-apply para sa mga benepisyo. Kung kayo ay nasa Pilipinas, makipag-ugnayan sa tanggapan ng Social Security sa Maynila, 1201 Roxas Boulevard, Ermita 0930 MANILA.

Kung kayo ay naninirahan sa Mexico, makipag-ugnayan sa pinakamalapit na tanggapan ng Social Security ng Estados Unidos, o sa embahada o konsulado ng Estados Unidos.

Makipag-ugnayan sa tanggapan ng Social Security kung kayo ay naninirahan sa American Samoa, Guam, Puerto Rico, o sa U.S. Virgin Islands. Kung kayo ay naninirahan sa British Virgin Islands, Canada, o Samoa, maaari din kayong makipag-ugnayan sa tanggapan ng Social Security ng Estados Unidos.

Kung kayo ay naninirahan sa anumang iba pang bansa, makipag-ugnayan sa pinakamalapit na embahada o konsulado ng Estados Unidos.

Securing today and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10157-TL | January 2018
Mga Espesyal Na Benepisyo Para Sa Ilang Mga Beterano Ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig (World War II Veterans)
Special Benefits For Certain World War II Veterans (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito